Tawagan ang plano ng kalusugan ng kaisipan sa toll-free na numero 1-800-547-0495 o bumisita online https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp. Ang Solano mental health plan ay bukas – 24 oras/kada-araw, 7 araw/kada-linggo

Sino Ang Magpapasya Sa Mga Serbisyonong Aking Matatanggap?

Ikaw, ang iyong provider, at ang plano ng kalusugan ng kaisipan ay makikipagugnayan sa pagpasiya sa kung anong mga serbisyo ang iyong matatanggap sa pamamagitan ng plano ng kalusugan ng kaisipan. Isang propesyonal ng kalusugan ng kaisipan ang kakausap sa iyo at kaniyang aalamin kung anong uri ng espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan ang angkop base sa nyong mga pangangailangan.

Hindi mo kailangan malaman kung ikaw ay may diagnosis ng kalusugan ng kaisipan or partikolar na kondisyon na kalusugan ng kaisipan para humingi ng tulong. Ang plano ng kalusugan ng kaisipan ay magsasagawa ng isang pagsusuri ng iyong kondisyon. Pag-aaralan ng provider kung mayroon kang kondisyon ng kalusugan ng kaisipan na may posibilidad na masamang maka-apekto sa iyong araw-araw na pamumuhay kung hindi ka makatanggap ng paggamot. Maaari kang makatanggap ng angkop at mga sinasakop na mga serbisyo habang isinasagawa ng provider ang pagsusuri. Kung mas bata sa edad na 21, maaari din na ma-access ang espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan kung mayroong kondisyon ng kalusugan ng kaisipan na dulot ng trauma, pagkasangkot sa child welfare system (sistema ng kapakanan ng bata), pagkasangkot sa juvenile justice (hustisya ng kabataan), o dumaranas ng kawalan ng tahanan. Karagdagan pa dito, kung ikaw ay mas bata sa edad na 21, ang plano ng kalusugan ng kaisipan ay dapat maghatid ng mga serbisyonong medikal na kinakailangan para ma-itama o mapaginhawa ang iyong kalusugan ng kaisipan. Mga serbisyo na nagtatama, nagpapanatili, nagsuporta, nagpainam, o ginagawang mas mas madaling kayanin ang karamdaman ng kalusugan ng kaisipan ay tinuturing na kinakailangan.

Ilang mga serbisyo ay maaaring mangailangan ng otorisasyon mula sa plano ng kalusugan ng kaisipan. Mga Serbisyo na baka mangailangan ng pangunahing



Tawagan ang plano ng kalusugan ng kaisipan sa toll-free na numero 1-800-547-0495 o bumisita online https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp. Ang Solano mental health plan ay bukas – 24 oras/kada-araw, 7 araw/kada-linggo

otorisasyon ay ang mga: Intensibong Serbisyo Na Pambahay, Intensibong Arawan na Paggamot, Arawan na Rehabilitasyon, Serbisyo ng Terapiya sa Pag-uugali, at Foster Care na Terapiya. Maaari rin na tangungin ang plano ng kalusugan ng kaisipan para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pangunhing pahintulot. Tawagan ang iyong plano ng kalusugan ng kaisipan para humiling ng karagdagang impormasyon.

Ang plano ang kalusugan ng kaisipan ay dapat gumamit ng isang kwalipikadong propesyonal na gawin ang pagsusuri para sa isang awtorisasyon ng serbisyo. Ang proseso ng pagsusuri ay tinatawag na pangunahing pahintulot ng espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan. Ang proseso ng otorisasyon ay dapat sundin ang mga partikolar na saklaw ng panahon o timeline. Para sa karaniwan na pangunahing pahintulot, ang plano ng kalusugan ng kaisipan ay dapat magpasya base sa hiling ng provider bilang hinihiling ng iyong kondisyon, ngunit hindi dapat lumagpas ng limang aaw mula sa pagkatanggap ng hiling ng plano ng kalusugan ng kaisipan. Halimbawa, kung susundin ang karaniwang batayan ng takdang panahon ay maaaring malagay sa panganib ang iyong buhay, kalusugan, o kakayahan na makamit, mapanatili, o muling magamapanan ang mga tungkulin, dapat madaliin ng iyong plano ng kalusugan na kaisipan ang isang desisyon ng awtorisasyon at magbigay ng paunawa base sa saklaw ng panahon kaugnay ng iyong kondisyon ng kalusugan na hindi hihigit sa 72 na oras pagkatanggap ng hiling ng serbisyo. Ang iyong plano ng kalusugan ng kaisipan ay maaaring pahabain hanggang sa 14 na karagdagang araw pagkatanggap ng hiling nga plano ng kalusugan ng kaisipan kung ikaw o ang iyong provider ay humiling ng ekstensyon o ang plano ng kalusugan ng kaisipan ay magbigay ng dahilan kung bakit ang ekstensyon ay para sa iyong kapanan.

Isang halimbawa kapag ang ekstensyon ay maaaring maging kailangan kung sa tingin ng plano ng kalusugan ng kaisipan na maaari nilang aprubahan ang hiling ng provider para sa isang paggamot kung sila'y makakauha ng karagdagang



Tawagan ang plano ng kalusugan ng kaisipan sa toll-free na numero *1-800-547-0495* o bumisita online https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp. Ang Solano mental health plan ay bukas – 24 oras/kada-araw, 7 araw/kada-linggo

impormasyon mula sa iyong provider. Kung ang plano ng kalusugan ng kaisipan ay pinatagal ang saklaw ng panahon para sa hiling ng provider, magpapadala ang county ng isang sulat ng paunawa tungkol sa ekstensyon.

Kung tanggihan, patagalin, bawasan o tapusin ang mga serbisyo na hiniling ng plano ng kalusugan ng kaisipan, dapat magpadala ng Paunawa ng Pagpasiya ng Salungat Na Benepisyo (Benepisyo Notice of Adverse Benefit Determination) ang ang plano ng kalusugan ng kaisipan na nagsasabi na ang mga serbisyo ay hindi inaprubahan, maantala, mabawasan o ihinto, ipapaalam sa iyo na maaaring umapela, at bibigyan ka ng impormasyon kung paano magsampa ng apela. Para malaman pa ang tungkol sa iyong mga karapatan para magsampa ng hinaing o pag-apela kapag hindi ka sangayon sa sa desisyon ng plano ng kalusugan ng kaisipan sa pagtangga ng serbisyo o sa mga aksyon na hindi ka sangayon, tignan ang pahina ng seksyon ng Pagpasiya ng Salungat Na Benepisyo 47 sa handbook na ito.

Ano Ang Medikal Na Pangangailangan?

Mga serbisyong iyong matatanggap ay dapat isang medikal na pangangailangan at angkop para matugunan ang iyong kondisyon. Para sa mga indibidwal sa 21 na taon o mas matanda pa, ang serbisyo ay medikal na kinakailangan kapag ito makatwiran at kinakailangan para protektahan ang iyong buhay, maiwasan ang isang malubhang kapansan, o mapaginhawa ang malubhang pananakit.

Para sa mga indibidwal na mas bata sa 21 na taon, ang serbisyo ay medikal na pangangailangan kung ang serbisyo ay tinatama, pinapanatili, sinusuportahan, pinapahusay o ginagawang maginhawa ang isang kondisyon ng kalusugan ng kaisipan. Mga serbisyo na nagpapanatili, sinusuportahan, pinapahusay o ginagawang maginhawa ang isang kondisyon ng kalusugan ng kaisipan ay tinuturing na isang medikal na pangangailangan at sinasakop ng mga serbisyo ng maaga at paminsanminsang na pagsusuri, diagnostiko at paggamot.



Tawagan ang plano ng kalusugan ng kaisipan sa toll-free na numero 1-800-547-0495 o bumisita online https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp. Ang Solano mental health plan ay bukas – 24 oras/kada-araw, 7 araw/kada-linggo

Paano Ako Makakakuha Ng Iba Pang Mga Serbisyo ng Kalusugan Ng Kaisipan Na Hindi Sakop Ng Plano Ng Kalusugan Ng Kaisipan?

Kung ikaw ay nagpalista sa pinamamahalaang plano ng pangangalaga, maaari kang makakuha ng mga sumusunod na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan sa pamamagitan ng iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga:

- Pagsusuri ng kalusugan na kaisipan at paggamot, kasama ang terapiya na pang indibidwal, grupo, at pang pamilya.
- Eksamen na psychological at neuropsychological, kapang tinutukoy na suriin ang kondisyon ng kalusugan ng kaisipan.
- Mga serbisyo na outpatient para sa pagmonitor ng mga niresetang gamot.
- Psychiatric na pagkonsulta.

Para makuha ng mga serbisyo sa itaas, tawagan ang iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga. Kung wala ka sa pinamamahalaang plano ng pangangalaga, maaari din makuha itong mga serbisyo mula sa mga indibidwal na mga provider at mga klinika na tumatanggap ng Medi-Cal. Ang plano ng kalusugan ng kaisipan ay maaaring makatulong na makahanap ng provider o klinika na maaaring makatulong sa iyo o makapagbigay ng ilang mga ideya kung paano makahanap ng provider o klinika.

Alinmang botika na tumatanggap ng Medi-cal ay maaaring punan ang mga reseta para gamutin ang isang kondisyon ng kalusugan ng kaisipan. Alalahanin na karamihan ng de resetang gamot na galing sa botika, na tinatawag na Medi-Cal Rx, ay sakop ng programa ng Fee-For-Service Medi-Cal hindi nang pinamamahalaan na plano ng pangangalaga.

Paano Ako Makakakuha Ng Ibang Mga Serbisyo ng Medi-Cal (Pangunahing Pangangalaga/Medi-Cal) Na Hindi Sakop ng Plano Ng Kalusugan ng Pag-iisip?



Tawagan ang plano ng kalusugan ng kaisipan sa toll-free na numero *1-800-547-0495* o bumisita online https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp. Ang Solano mental health plan ay bukas – 24 oras/kada-araw, 7 araw/kada-linggo

Kung ikaw ay na sa isang pinamamahalaang plano ng pangangalaga, ang plano ay responsible na humanap ng provider para sa iyo. Kung hindi ka kasali sa isang pinamamahalaan na plano ng pangangalaga ay mayroon kang “regular” na Medi-Cal, o ang tinatawag din na Fee-For-Service Medi-Cal, samakatwid maaari kang pumunta sa sinumang provider na tumatanggap ng Medi-Cal. Kailangan sabihin sa provider na mayroon kang Medi-Cal bagi makakuha ng mga serbisyo. Kung hindi man, maaari kang singilin para sa mga serbisyo.

Maaari kang gumamit ng provider sa labas ng iyong pinamamahalaan na plano ng pangangalaga para sa mga serbisyo ng pagplano ng pamilya.

Paano Kung Mayroon Akong Problema sa Alak o Droga?

Kung sa tingin mo na kailangan mo ng mga serbisyo sa paggamot ng problema sa alak o droga, kontakin ang county sa:

Solano County Drug Medi-Cal Organized Delivery System (DMC-ODS) sa pamamagitan ng Rehiyonal na Modelo ng Partnership Health Plan ng California.

- Access Line: (855) 765-9703
- https://www.solanocounty.com/depts/bh/substance_use_disorders.asp

Bakit Baka Mangailangan Ako Ng Serbisyo Ng Pang Ospital Na Psychiatric Na Serbisyo?

Maaari kang ma-ospital kung ikaw may kondisyon ng kalusugan ng kaisipan o sintomas ng isang kondisyon ng kalusugan ng kaisipan na hindi ligtas na magagamot sa mababang antas ng pangangalaga, at dahil ang kondisyon ng kalusugan ng kaisipan o sintomas ng kondisyon ng kalusugan ng kaisipan, ikaw:

- Nagpapakita ng isang kasalukuang panganib sa sarili o sa iba, o malaking pagsira ng ari-arian.



Tawagan ang plano ng kalusugan ng kaisipan sa toll-free na numero 1-800-547-0495 o bumisita online https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp. Ang Solano mental health plan ay bukas – 24 oras/kada-araw, 7 araw/kada-linggo

- Hindi kayang pakainin ang sarili, makakuha ng maayos na damit, o walang tirahan
- Nagpapakita ng malubhang panganib sa kalusugang pisikal
- Kamakailan lamang ay humina ang kakayahan sa mga tungkulin bilang resulta ng kondisyon ng kalusugan ng kaisipan.
- Kailangan ng psychiatric evaluation o pagsusuri, paggamot, o iba pang paggamot na makukuha lamang sa ospital.



Tawagan ang plano ng kalusugan ng kaisipan sa toll-free na numero *1-800-547-0495* o bumisita online https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp. Ang Solano mental health plan ay bukas – 24 oras/kada-araw, 7 araw/kada-linggo

PAGPILI NG PROVIDER

Paano Ako Makakahanap Ng Provider Para Sa Espesyal Ng Serbisyo Ng Kalusugan Ng Kaisipan Na Aking Kailangan?

Ang iyong plano ng kalusugan ng kaisipan ay kinakailangan para mag paskil ng kasalukuyang provider sa online na directory. Kung may mga tanong tungkol sa mga kasalukuyang mga provider o nais ng mas bagong direktoryo, bisitahin ang website ng iyong plano ng kalusugan ng kaisipan <https://www.solanocounty.com/depts/bh/qi/pd.asp> o tumawag sa libreng numero ng plano ng kalusugan ng kaisipan. Maaari din makatanggap ng listahan mula sa koreo kung hihilingin.

Ang plano ng kalusugan ng kaisipan ay maaaring maglagay ng limitasyon sa mga piniling mga provider. Kapag natanggap ng espesyal na mga serbisyo ng kalusugan maaari kang humiling na ang yong plano ng kalusugan ng kaisipan na bigyan ka ng pangunahing pagpipiliian ng di kukulang sa dalawang provider. Dapat pahintulutan ka ng iyong plano ng kalusugan ng kaisipan na magpalit ng providers. Kung iyong hihilinging na magpalit ng provider, ang plano ng kalusugan ng kaisipan ay dapat pahintulutan ka na mamili sa hindi kukulang sa dalawang provider kung magiging posible.

Ang iyong plano ng kalusugan ng kaisipan ay responsable para matiyak ang napapanahon na pangangalaga at nang mayroong sapat na mga provider para makaseguro na iyong makukuha ang serbisyo ng paggamot ng kalusugan ng kaisipan na sakop ng plano ng kalusugan ng kaisipan kung ito ay kakailanganin.

Minsan ang nga kinontratang provider ng plano ng kalusugan ng kaisipan ay pinipiling hindi magbigay ng mga espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan. Ang mga provider ang plano ng kalusugan ng kaisipan ay maaaring hindi na kinontrata ng plano



Tawagan ang plano ng kalusugan ng kaisipan sa toll-free na numero 1-800-547-0495 o bumisita online https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp. Ang Solano mental health plan ay bukas – 24 oras/kada-araw, 7 araw/kada-linggo

ng kalusugan ng kaisipan, o hindi na tinatanggap ng plano ng kalusugan ng kaisipan, o hindi na tinatanggap ang mga pasyente ng espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan ng Medi-Cal o ayon sa hiling ng plano ng kalusugan ng kaisipan. Kapag nangyari ito, ang plano ng kalusugan ng kaisipan ay dapat sikapin na magbigay ng sulat ng paunawa sa bawat tao na tumatanggap ng espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan mula sa provider. Ang paunawa sa bepesiyaryo ay ibibigay sa loob ng 30 na araw ng kalendaryo bago matapos ang pagkabisa ng plano ng kalusugan ng kaisipan o 15 na araw ng kalendaryo matapos malaman ng plano ng mental health na ang provider ay hihinto na sa pagtatrabaho. Pag nangyari ito, dapat payagan ng plano ng kalusugan ng kaisipan ang patuloy na pagtanggap ng serbisyo mula sa provider na umalis sa plano ng kalusugan ng kaisipan, kung ikaw at ang provider ay sumangayon. Ito ang tinatatawag na “patuloy na pangangalaga” at ipininaliwanag sa ibaba.

Maaari Ba Akong Magpatuloy Na Tumanggap Ng Mga Serbisyo Mula Sa Aking Kasalukuyang Provider?

Kung ikaw ay nakakatanggap ng mga serbisyo ng kalusugan ng kaisipan mula sa pinamamahalaan na plano ng pangangalaga, maaari kang magpatuloy na tumanggap ng serbisyo ng kalusugan ng kaisipan mula sa iyong provider na galing sa plano ng kalusugan ng kaisipan, basta ang mga serbisyo ay koordinado ng mga provider at ng serbisyo ay hindi magkatulad.

Karagdagan pa dito, kung tumatanggap ka ng espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan mula sa plano ng kalusugan ng kaisipan, pinamamahalaan na plano ng pangangalaga, o indibidwal na provider ng Medi-Cal, maaari kang humiling “patuloy na pangangalaga,” para manatili sa kasalukuyang provider hanggang sa 12 na buwan. Maari din humiling ng patuloy na pangangalaga kung kailangan manatili sa iyong kasalukuyang provider para sa patuloy na paggamot o dahil maaari itong mapasama ang yong kalusugan ng kaisipan kung magpapalit ng bagong provider. Ang hiling sa patuloy na pangangalaga ay maaaring ipagkaloob kung ang mga sumusunod ay totoo:



Tawagan ang plano ng kalusugan ng kaisipan sa toll-free na numero *1-800-547-0495* o bumisita online https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp. Ang Solano mental health plan ay bukas – 24 oras/kada-araw, 7 araw/kada-linggo

- May patuloy na pakikipagugnayan sa provider na iyong hinihiling at nagpatingin sa provider sa loob ng 12 na buwan;
- Kwalipikado at nakamit ng provider ang mga tagubilin ng Medi-Cal;
- Sang-ayon ang provider sa mga tagubilin sa pagkontrata ng plano ng kalusugan ng kaisipan at pagbayad sa mga serbisyo; at
- Ipinapamahagi ng provider ang mga dokumentasyon sa plano ng kalusugan ng kaisipan tungkol sa iyong pangangailangan ng serbisyo.

Ang Iyong Karapatan Para Sa Pag-Access Sa Mga Medical Records At Impormasyon Ng Paggamit Ng Direktoryo Provider

Ang iyong county ay tinatagubilin na lumikha at magpanatili ng isang ligtas na sistema sa pag-access ang iyong mga medikal rekord at makahanap ng provider sa pamamagitan ng mga karaniwang teknolohiya tulad ng kompyuter, smart tablet, o isang mobile device. Patient Access Application Programming Interface (API) ang tawag sa sistemang ito. Impormasyon sa pagpili ng aplikasyon sa pag-access ng iyong medical records at makahanap ng provider ay makikita sa website ng iyong county.

Solano County Behavioral Health Access sa webpage ng mga Serbisyo:

https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp

Karagdagang Partikolar Na Impormasyon Ng plano ng Kalusugan Ng Kaisipan

Ang Plano sa Kalusugan ng Kaisipan ng Solano County ay regular na mag-a-update sa webpage ng Access sa mga Serbisyo simula ngayon kabilang ang impormasyon sa access ng pasyente kung ang ibat's ibang opsiyon ay maaaring makuha para sa mga miyembro ng plan para sa rekord access at opsiyon sa pangangalaga.



Tawagan ang plano ng kalusugan ng kaisipan sa toll-free na numero 1-800-547-0495 o bumisita online https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp. Ang Solano mental health plan ay bukas – 24 oras/kada-araw, 7 araw/kada-linggo

SAKLAW NG MGA SERBISYO

Kung iyong nakamit ang batayan sa pag-access ng espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan, ang mga sumusunod na serbisyo ay nakahanda base sa iyong pangangailangan. Ang iyong provider ay makikipagtrabaho sa iyo para magdesisyon sa aling serbisyo ang pinakamabuti para sa iyo.

Serbisyo ng Kalusugan ng Kaisipan

- Mga serbisyo ng kalusugan ng kaisipan ay na sa indibidwal, pang grupo, o serbisyo na base sa pamilya na nakakatulong sa mga tao na may kondisyon ng kalusugan ng kaisipan para mapahusay ang kaalaman sa pakikitungo sa pang arawaraw na buhay. Itong mga serbisyo ay sinasama din ang trabaho ng provider na nakakatulong sa mas mahusay na serbisyo na tumatanggap ng serbisyo. Itong mga uri ng bagay ay ang mga: pagsusuri para makita kung kailangan ng serbisyo at kung tumatalab ang serbisyo; plano ng paggamot sa pagpasya ng mga layunin ng iyong paggamot ng kalusugan ng kaisipan at ang partikolar na serbisyo na naibibigay; at ang “kolateral,” ibig saihin ay ang pakikipagugnayan sa mga pamilya at mga importanteng tao sa iyong buhay (kung iyong papayagan) para mapabuti ang o mapanatili ang iyong kakayahan sa mga pang arawaraw na pamumuhay. Mga serbisyo ng kalusugan ng kaisipan ay maaaring ibigay ng isang klinika o opisina ng provider, o sa iyong tahanan o iba pang lugar sa komunidad, sa telepono o telehealth (na kasama ang audio o video na iterakasyon). Ang halaga at dalas ng paghatid ng serbisyo ay tutukuyin sa pamamagitan ng mga nasuring sintomas ng mental health at ang antas kung saan ang mga sintomas na iyon ay nakakapinsala sa pang-araw-araw na paggana. Kung mababa ang antas ng kapansanan, maaring i-refer ka sa mas mababang antas ng pangangalaga, samantalang ang mataas na antas ng kapansanan ay malamang na humantong sa referral sa mas mataas na antas ng pangangalaga (mas madaming serbisyo at mas



Tawagan ang plano ng kalusugan ng kaisipan sa toll-free na numero 1-800-547-0495 o bumisita online https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp. Ang Solano mental health plan ay bukas – 24 oras/kada-araw, 7 araw/kada-linggo

madalas na paghatid ng mga serbisyo).

Serbisyo Ng Pagsuporta Para Sa Mga Gamot

- Itong mga serbisyo ang mga pagreseta, pangangasiwa, pagbigay, at pagmonitor ng mga gamot na psychiatric; at edukasyon kaugnay sa mga gamot na psychiatric. Ang serbisyo ng pagsuporta sa gamot ay maaaring ibigay sa klinika o opisina ng provider, o sa iyong tahanan o iba pang lugar sa komunidad, sa telepono o telehealth (na kasama ang audio o video na iterakasyon).

Tinatarget Na Pamamahala Ng Kaso

- Tumutulong ang serbisyong ito sa pagkuha ng medikal, pang edukasyon, pang tao, prevocational, vocational, pang rehabilitasyon, o iba pang mga serbisyo ng komunidad kapag ang mga serbisyong ito ay maging mahirap para sa mga tao na may kondisyon ng kalusugan ng kaisipan na kunin nilang sarili. Kasama sa tinatarget ng pamamahala ng kaso, ngunit hindi limitado, ang pagbuo ng plano; komunikasyon, pakikipag-ugnayan, at reperal; pag-monitor ng paghatid ng serbisyo para matiyak ang pag-access ng tao sa serbisyo at sistema ng paghatid ng serbisyo; at pagmonitor ng pagunland ng tao.

Serbisyo Ng Interbensyon Sa Krisis

- Itong serbisyo ay nakahanda para matugunan ang emerhensiyang kondisyon na kinakailangan ng agad-agad na atensyon. Ang layunin ng interbensyon sa krisis ay matulungan ang tao sa komunidad, nang hindi sila mapunta sa ospital. Maaaring tumagal ng walong oras ang isang interbensyon ng krisis at maaaring ibigay ng isang klinika o opisina ng provider, o sa iyong tahanan o iba pang lugar sa komunidad, sa telepono o telehealth (na kasama ang audio o video na iterakasyon).



Tawagan ang plano ng kalusugan ng kaisipan sa toll-free na numero 1-800-547-0495 o bumisita online https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp. Ang Solano mental health plan ay bukas – 24 oras/kada-araw, 7 araw/kada-linggo

Serbisyo ng Pagpatatag Habang Na Sa Krisis

- Itong serbisyo ay nakahanda para matugunan ang emerhensiyang kondisyon na kinakailangang ng agadagad na atensyon. Ang pagpatatag sa krisis ay tumatagal ng kulang kulang sa 24 oras at dapat ibigay sa isang lisensyadong pasilidad na bukas 24 oras, at sa isang programa sa ospital na outpatient, o sa isang sityo ng sertipikadong provider na magbibigay ng serbisyo para maging matatag habang may krisis.

Serbisyo ng Paggamot Ng Adulto Na Pang Residensya

- Itong serbisyo ay nagbibigay ng paggamot ng kalusugan ng kaisipan at pagtaguyod ng kaalaman sa mga tao na nakatira sa mg residensiyang pasilidad na nagbibigay ng paggamot na pang residensya para sa mga taong may kondisyon ng kalusugan ng kaisipan. Itong serbisyo ay bukas 24 oras sa pasilidad na nag-aalok ng mga serbisyo ng paggamot na pang residensiya.

Serbisyo ng Paggamot sa Krisis na Pang Residensiya

- Itong serbisyo ay nagbibigay ng paggamot sa kalusugan ng kaisipan at bumubuo ng kaalaman para sa mga taong mayroong seryosong krisis ng kaisipan o emosyon, ngunit hindi kailangan ng ospital na psychiatric. Ang mga serbisyo ay bukas 24 oras, pitong araw sa lisensyadong pasilidad. Hindi sagot ng Medi-Cal ang kwarto at pagkain sa pasilidad na nag-aalok ng serbisyo ng paggamot na pang residensya.

Arawan Na Intensibong Serbisyo Ng Paggamot

- Ito ay isang program na may estruktura ng paggamot ng kalusugan ng kaisipan na binibigay sa isang grupo na malamang kailangan ma-ospital o sa isang pasilidad na bukas 24 oras. Itong programa ay tumatagal ng tatlong oras bawat araw. Kasama sa programang ito ang pagbuo ng kaalaman at, mga terapiya at psychotherapy.



Tawagan ang plano ng kalusugan ng kaisipan sa toll-free na numero 1-800-547-0495 o bumisita online https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp. Ang Solano mental health plan ay bukas – 24 oras/kada-araw, 7 araw/kada-linggo

Rehabilitasyon Na Pang Arawan

- Ito ay isang program na may estruktura na dinsenho para tulungan ang mga taong mayroon kondisyon ng kalusugan ng kaisipan at magpaunlad ng mga kaalaman sa pamumuhay at para mas mahusay na pamahalaan ang mga sintomas ng kondisyon ng kalusugan ng kaisipan. Ang programa ay tatlong oras bawat araw. Kasama sa programa ang mga aktibidad ng pagbuo ng mga kaalaman at mga terapiya.

Mga Psychiatric Na Serbisyong Inpatient Sa Hospital

- Itong mga serbisyo ay binibigay ng isang lisensyadong psychiatric na ospital base sa pagpasya ng isang lisensyadong propseyonal ng kalusugan ng kaisipan na ang isang tao ay nangangailangan ng 24 oras ng intensibong paggamot ng kalusugan ng kaisipan.

Serbisyo sa Psychiatric na Pasilidad Para sa Kalusugan ng Kaisipan

- Itong serbisyo ay binibigay sa isang lisensyadong pasilidad na pang psychiatric na dalubhasa sa 24 oras na paggamot na rehabilitasyon ng isang malubhang kondisyon ng kalusugan ng kaisipan. Ang mga pasilidad ng kalusugan na pang psychiatric ay mayroong kasunduan sa mga kalapit na ospital o klinika para makamit ang mga pangangalaga ng kalusugang pisikal ng mga tao sa pasilidad. Ang mga Psychiatric na pasilidad ng kalusugan ay maaari lamang tumanggap at gamutin ang mga tao na walang pisikal na karamdaman o pananakit na mangangailangan ng paggamot higit pa sa karaniwan na maaaring gamutin sa base na outpatient.

Mga Serbisyo Ng Pagsuporta Ng Mga Peers (Kasamahan) (depende sa county)

- Ang pagbigay ng supporta ng peer o kasamahan ay opsyonal para sa mga county. Pinili ng Solano County Mental Health Plan na magbigay ng Peer Support Services
- Ang mga Serbisyo ng Pagsuporta ng Peer ay may kaalaman sa bawat kultura maging indibidwal o pang grupo na nagtataguyod ng recovery, katatagan,



Tawagan ang plano ng kalusugan ng kaisipan sa toll-free na numero *1-800-547-0495* o bumisita online https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp. Ang Solano mental health plan ay bukas – 24 oras/kada-araw, 7 araw/kada-linggo

pakikilahok, pakikitungo, pagkakaroon ng sariling sikap, sariling adbokasiya, pagunlad ng natural na support, at pagkilala ng mga lakas sa pamamagitan ng may estrukturang mga aktibidad. Itong mga serbisyo ay maaaring ibigay sa iyo o sa tinalagang tagasuporta at maaaring tanggapin sa parehong oras na tumatanggap ka ng ibang ga Espesyal Na Serbisyo Ng Kalusugan Ng Kaisipan. Ang isang Peer Specialist ay isang indibidwal na mayroong personal na karanasan sa kalusugan ng kaisipan o mga kondisyon ng paggamit ng substance at na sa recovery o pagpapagaling na nakatapos ng tagubilin ng programa para sa sertipikasyon na inaprubahan ng Estado, na isang tao na sertipikado ng mga county, at nagbibigay nitong mga serbisyo sa ilalim ng direksyon ng isang Propesyonal sa Kalusugan ng Paguugali na lisensyado, pinatawad, o rehistrado sa Estado ng California.

- Kasama sa Serbisyo ng Peer Support ang indibidwal at grupo na pag-coach, pagbuo ng kaalaman, paghanap ng pagkukunan, serbisyo ng pakikilahok para mahikayat ka na sumali sa mga paggamot ng kalusugan ng kaisipan, at mga aktibidad ng terapiya tulad na pagtaguyod ng pang sariling adbokasiya.

Mobile na Serbisyo Para sa Krisis (iba iba sa bawat county)

- Ang serbisyo na mobile para krisis ay maaaring makuha kung dumaranas ng krisis ng kalusugan ng kaisipan at/o krisis sa paggamit ng substance (“krisis ng kalusugan ng kaisipan”). Ang serbisyo ng mobile na krisis ay binibigay ng mga propesyonal ng kalusugan sa lokasyon kung saan dumaranas ng krisis, kahit sa bahay, trabaho eskwela, o iba pang mga lokasyon, hindi kasali ang mga ospital o ibang pasilidad. Mga serbisyong mobile para sa krisis ay handa 24 oras, 7 araw sa isang linggo, at 365 na araw sa isang taon
- Mga mobile na serbisyo ng krisis ay ang mga mabilis na pagtugon, indibidwal na pagsusuri, pagpapatatag na base sa komunidad. Kung kailangan pa ng pangangalaga, ang mga providers na mobile ay magpapasa o reperal sa iba pang mga serbisyo.



Tawagan ang plano ng kalusugan ng kaisipan sa toll-free na numero 1-800-547-0495 o bumisita online https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp. Ang Solano mental health plan ay bukas – 24 oras/kada-araw, 7 araw/kada-linggo

- Ang mobile na serbisyo ng krisis sa Plano sa Kalusugang Sa Pag-iisip ng Solano County ay maaaring ma-access sa pamamagitan ng pagtawag sa 911.

Mayroon Bang Mga Espesyal Na Serbisyo Para Sa Ga Bata At/O Batang Adulto Na Mas Bata Sa Edad 21?

Mga benepisiyaryo na mas bata sa edad na 21 ay makakuha ng karagdagang serbisyo ng Medi-Cal sa pamamagitan ng benepsiyo na tinatawag na Maaga at Paminsanminsán, Diagnostiko, at Paggamot. Para maging karapatdapat sa Maaga at Paminsanminsán, Diagnostiko, at Paggamot na mga serbisyo, ang benepisiyaryo ay dapat mas bata sa 21 na taon at may buong sakop ng Medi-Cal. Ang Maaga at Paminsanminsán, Diagnostiko, at Paggamot ay sinasakop ang mga serbisyo na kinakailangan para ma-itama o mapaghinhawa anumang kondisyon ng kalusugan ng pag-uugali. Mga serbisyo na nagpapanatili, sinusupportahan at pinapagaling, o ginagawang maginhawa ang anumang kondisyon ng kalusugan ng pag-uugali ay tinuturing na nagpapabuti ng kondisyon ng kalusugan ng kaisipan at ang kapalit, ay kinakailangan at sinasakop ng Maaga at Paminsanminsán, Diagnostiko, at Paggamot na ga serbisyo.

Kung may tanong tungkol sa Maaga at Paminsanminsán, Diagnostiko, at Paggamot na mga serbisyo, tumawag sa Superbisor ng Solano Access sa 1-800-547-0495 o bumisita sa [DHCS Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment webpage](#).

Ang mga sumusunod na mga serbisyo ay mayroon din mula sa plano ng kalusugan ng kaisipan para sa mga bata, at adolescente at mga batang adulto na mas bata sa edad na 21 na taon; Serbisyo ng Terapiya ng Pag-uugali, Koordinasyon ng Intensibong Pangangalaga, Intensibong Serbisyo na Pambahay, at mga Serbisyo ng Pangangalagang Terapyutiko ng Foster Care.

Terapyutikong Mga Serbisyo Ng Pag-uugali



Tawagan ang plano ng kalusugan ng kaisipan sa toll-free na numero 1-800-547-0495 o bumisita online https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp. Ang Solano mental health plan ay bukas – 24 oras/kada-araw, 7 araw/kada-linggo

Mga Serbisyo ng Terapyutiko Sa Pag-uugali ay intensibo, indibidwal, at panandaliang interbensyon na paggamot na outpatient para sa mga benepisiyaryo na may edad hanggang 21 a taon. Mga indibidwal na tumatanggap nitong mga serbisyo ay mayroong seryosong mga paggambalang emosyonal, at dumaranas ng nakaka-istress na transisyon o krisis sa buhay, at mangangailangan ng panandalian, partikolar na serbisyo na pagsuporta.

Ang mga Terapyutikong Serbisyo ng Paguugali ay isang tipo ng espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan na nakalaan sa pamamagitan ng bawat plano ng kalusugan ng kaisipan kung ikaw ay may seryosong problemang emosyonal. Para makakuha ng Terapyutikong Serbisyo ng Paguugali, dapat makatanggap ng serbisyo ng kalusugan ng kaisipan, mas bata sa edad na 21 na taon, ay may kumpletong pagsakop ng Medi-Cal.

- Kung ikaw ay nakatira sa bahay, ang isang tauhan ng Terapyutikong Serbisyo ng Paguugali ay maaaring magtrabaho ng mag-isa s aiyo para mabawasan ang mga malubhang mga problema ng paguugali para maiwasan ang pagpunta sa mas mataas na antas ng pangangalaga, tulad ng group home sa mga bata at mga batang tao na mas bata sa edad na 21 na taon na may seryosong problema ng emosyon.
- Kung ikaw ay nakatira sa isang group home para mga bata sa ilalim ng edad na 21 na may seryosong problema ng emosyon, isang tauhan ng Terapyutikong Serbisyo ng Paguugali tutulong sa iyo nang maaari kang mailipat sa isang lugar na may pamilya tulad ng foster home or bumalik sa iyong tahanan.

Terapyutikong Serbisyo ng Paguugali ay makakatulong sa iyo at sa iyong pamilya, tagapag-alaga para matuto ng mga bagong paraan ng pagtugon sa problema ng paguugali at mga paraan sa pagdagdag ng mga uri ng mga paguugali na magpapahintulot s aiyo na maging matagumpay. Ikaw, ang tauhan ng Terapyutikong Serbisyo ng Paguugali at ang iyong pamilya, mga tagapag-alaga ay samasamang



Tawagan ang plano ng kalusugan ng kaisipan sa toll-free na numero 1-800-547-0495 o bumisita online https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp. Ang Solano mental health plan ay bukas – 24 oras/kada-araw, 7 araw/kada-linggo

magtatrabaho para tugunan ang mga problema ng paguugali para sa maikling panahon hanggang hindi mo na na kailangan ang Terapyutikong Serbisyo ng Paguugali. Magkakaroon ka ng plano ng Terapyutikong Serbisyo ng Paguugali na magsasabi sa iyo, iyong pamilya, tagapagalaga, at ang Terapyutikong Serbisyo ng Paguugali na tauhan ay gagawin ang habang na sa Terapyutikong Serbisyo ng Paguugali, at kung kailan, saan gaganapin ang Terapyutikong Serbisyo ng Paguugali. Ang tauhan ng Terapyutikong Serbisyo ng Paguugali ay tutulong sa iyo sa karamihan ng mga aspeto kung saan kailangan mo ng tulong sa iyong problema ng paguugali. Kasama dito ang iyong tahanan, foster home, group home, eskwela, progama ng arawang paggamot, at iba pang mga lugar ng komunidad.

Koordinasyon Ng Intensibong Pangangalaga

Ang Koordinasyong ng Intensibong Pangangalaga ay isang pinamamahalaang target na kaso na nagaayos ng pagsusuri ng plano ng pangangalaga, at koordinasyon ng mga serbisyo sa mga benepisiyaryo na bata sa edad na 21 na karapatdapat para sa kumpletong sakop ng Medi-Cal at na-reper base sa pangangailangang medikal.

Ang Koordinasyon ng Intensibong Pangangalaga ay binibigay sa ayon sa mga prinsipyo ng Integrated Core Practice Model, kasama ang pagbuo ng Pangkat na Pambata at Pamapamilya nang matiyak ang pagsagawa ng kolaborasyon ng mga bata, kanilang pamilya, at mga sistema na kasali sa pagsilbi sa mga bata.

Ang Pangkat na Pambata at Pamapamilya ay sinama ang mga pormal na suporta (tulad ng mga koordinador ng pangangalaga, provider, at mga case manager mula sa mga agensiya na para sa mga bata), natural na suporta (tulad ng mga miyembro ng pamilya, kapitbahay, kaibigan at klero) at iba pang mga indibidwal na kasamang magtrabaho para bumuo at magpatupad ng mga plano ng kliyente at responsable sa pagsuporta sa mga bata at kanilang mga pamilya sa pagkamit ng mga layunin. Ang Koordinasyon ng



Tawagan ang plano ng kalusugan ng kaisipan sa toll-free na numero 1-800-547-0495 o bumisita online https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp. Ang Solano mental health plan ay bukas – 24 oras/kada-araw, 7 araw/kada-linggo

Intensibong Pangangalaga ay nagbibigay din ng sang Koordinator ng Koordinasyon ng Intensibong Pangangalaga na:

- Tinitiyak na ang pangangailangang medikal na serbisyo ay makuha, maugnay sa isang paraan na ayon sa kultura at wika.
- Tinitiyak na ang mga serbisyo at suporta ay ginabayan ng pangangailangan ng bata.
- Isinasagawa ang isang kolaborasyon ng mga bata, kanilang pamilya at mga sistema na kasali sa pagbigay ng serbisyo sa kanila.
- Sinusuportahan ang magulang/tagapag-alaga sa pagkamit ng mga pangangailangan ng kanilang anak.
- Tumutulong sa pagbuo ng Pangkat na Pambata at Pang Pamilya at nabibigay ng patuloy na suporta.
- Nag-bubuo at nagtutugma ng mga pangangalaga ng mga provider at mga sistemang nagsisilbi sa bata para mapahintulutan ang bata na mapagsilbihan ng komunidad.

Intensibong Serbisyo Na Pambahay

Ang Intensibong Serbisyo na Pambahay ay pang indibidwal, matatag na interbensyon na dinesenyo para mapahusay ang mga kondisyon ng kalusugan ng kaisipan na nakakasagabal sa mga pagkilos ng kabataan, at nakatutok sa pagtulong sa kabataan sa kanilang pagbuo ng mga kaalaman na kailangan para maging matagumpay sa pagkilos sa tahanan, at komunidad at pagpahusay ng abilidad ng pamilya ng bata na makatulong sa mga bata para maging matagumpay sa pagkilos sa tahanan at komunidad.

Intensibong Serbisyo na Pambahay ay ibinibigay ng Integrated Core Practice Model by the Pangkat ng Bata At Pamilya na kasama sa pakikipagugnayan ng plano ng serbisyo



Tawagan ang plano ng kalusugan ng kaisipan sa toll-free na numero *1-800-547-0495* o bumisita online https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp. Ang Solano mental health plan ay bukas – 24 oras/kada-araw, 7 araw/kada-linggo

ng pamilya. Ang Intensibong Serbisyo na Pambahay ay para sa mga benepisiyaryo na mas bata sa edad na 21 na karapatdapat sa kumpletong sakop ng serbisyo ng Medical na ini-reper para sa ganitong mga serbisyo base sa pangangailangang medikal.

Therapeutic Foster Care

Ang modelo ng serbisyo Therapeutic Foster Care ay nagpapahintulot ng probisyon ng maikli, intensibo at maalam sa trauma, at pang-indibidwal na espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan para sa mga bata hanggang edad na 21 na may komplikdaong pangangailangan para sa emosyon at paguugali. Sa Therapeutic Foster Care, ang mga bata ay inilalagay sa mga magulang ng foster care na maalam, may superbisyon, at may suporta.

Mga Serbisyo sa Telepono o Telehealth

Sa personal, o harapan na kontak sa provider ay hindi laging kinakailangan para makatanggap ng mga serbisyo ng kalusugan ng kaisipan. Depende sa iyong mga serbisyo, maaari kang makatanggap ng serbisyo sa paraan ng telepono o telehealth.

Dapat ipaliwanag sa iyo ng iyong provider ang tungkol sa paggamit ng telepono o telehealth at siguraduhin na sangayon ka bago simulan ang serbisyo. Kahit na sumangayon ka na tumanggap ng serbisyo sa telepono o telehealth, maaari kang pumili sa ibang panahon na tumanggap ng serbisyo sa personal o harapan. Ilang mga tipo ng serbisyo ng kalusugan ng kaisipan ay hindi maibibigay sa telehealth o telepono dahil maaaring kailangan na nasa partikolar na lugar para sa serbisyo, tulad ng serbisyo ng residensyal na gamutan o serbisyo ng ospital.

Karagdagang Plano ng Partikolar na Impormasyon ng Kalusugan Ng Kaisipan

Ilagay ang partikolar na impormasyong ng kalusugan ng kaisipan dito [kung mayroon].



Tawagan ang plano ng kalusugan ng kaisipan sa toll-free na numero *1-800-547-0495* o bumisita online https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp. Ang Solano mental health plan ay bukas – 24 oras/kada-araw, 7 araw/kada-linggo

**PAGAPASYA SA SALUNGANT NA BENEPISYO
(ADVERSE BENEFIT DETERMINATIONS) NG IYONG PLANO KALUSUGAN NG
KAISIPAN**

Ano Ang Aking Mga Karapatan Kung Ang Plano Ng Kalusugan Ng Kaisipan Ay Tinaggihan Ang Mga Serbisyo Na Aking Nais O Kailangan?

Kung ang plano ng kalusugan ng kaisipan, o ang provider sa ngalan ng plano ng kalusugan ng kaisipan ay tinanggihan, nilimita, binawasan, inantala o tinapos ang mga serbisyo na sa iyong panilwala ay dapat mong makuha, mayroon kang karapatan na sa isang sulat ng Paunawa (tinatawag sa “Notice of Adverse Benefit Determination”) mula sa plano ng kalusugan ng kaisipan. Mayroon ka din karapatan na hindi sumangayon sa desisyon sa pamamagitan pag-apela. Ang mga seksyon sa ibaba ay tinatalakay ang iyong karapatan para sa isang Paunawa at kung ano ang gagawin kapag hindi ka sangayon sa desisyon ng plano ng kalusugan ng kaisipan.

Ano ang Adverse Benefit Determination (Isang Hindi Kanaisnais na Pagpasya ng Benepisyo?)

Ang ibig sabihin ng Adverse Benefit Determination ay ilan sa mga sumusunod na aksyon na isinagawa ng plano ng kalusugan ng kaisipan:

1. Tinanggihan o limitadong awtorisasyon ng hiniling na serbisyo, kasama ang pagpapasya base sa tipo o antas ng serbisyo, pangangailangang medikal, pagiging angkop, kapaligiran, oa pagkabisa ng isang benepisyong sakop;
2. Pagbawas, suspensyon, o terminasyon ng isang dating inawtorisahang serbisyo;
3. The reduction, suspension, or termination of a previously authorized service;
4. Ang kabiguan na makapagbigay ng mga serbisyo na nasa oras;
5. Kabiguan na umaksyon sa loob ng saklaw ng panahon para sa karaniwan na paglutas ng mga hinaing at apela (kung ikaw ay nagsampa ng hinaing sa plano ng kalusugan ng kaisipan at ang plano ay hindi nakipagugnayan sa iyo tungkol



Tawagan ang plano ng kalusugan ng kaisipan sa toll-free na numero 1-800-547-0495 o bumisita online https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp. Ang Solano mental health plan ay bukas – 24 oras/kada-araw, 7 araw/kada-linggo

sa isang nakasulat na desisyon para sa iyong hinaing sa loob ng 90 na araw. Kung nagsampa ka ng apeal sa plano ng kalusugan ng kaisipan at hindi ito tinugunan ng nakasulat na desisyon sa loob ng 30 na araw, o kung ikaw ay nagsampa ng pinadaling apela, at hindi nakatanggap ng sagot sa loob ng 72 na oras) o

6. Ang pagtangga ng hiling ng benepisiyaryo na kwestyonin ang pinanasyal na pananagutan.

Ano Ang Paunawa Sa Pagpasiya Ng Salungat Na Benepisyo (Notice of Adverse Benefit Determination)?

Ang Paunawa Sa Pagpasiya Ng Salungat Na Benepisyo ay isang sulat na nagsasabi na ang iyong plano ng kalusugan ng kaisipan ay magpapadala sa iyo kapag nagpasya, na tangginhan, limitihain, bawasan, iantala, o tapusin ang mga serbisyo na ikaw at ang iyong provider na sa kanilang paniwala ay iyong kailangang. Kasama dito ang pagtangga sa pagbayad sa isang serbisyo, isang pagtangga base sa mga serbisyo na hindi sakop, pagtangga sa serbisyo dahil hindi ito pangangailangang medikal, pagtangga dahil ang serbisyo ay para sa maling sistema ng pag-deliver, o ang pagtangga ng isang hiling para kwestyonin ang pinansyal na pananagutan. Ang Pagpasiya Ng Salungat Na Benepisyo ay ginagamit din para ipaalam sa iyo kung ang iyong hinaing, apela, o minadaling apela ay hindi naayos sa loob ng sapat na panahon, o kung hindi mo nakuha ang mga serbisyo sa loob ng saklaw ng panahon ng plano ng kalusugan ng kaisipan para sa pagbigay ng serbisyo

Panahon ng Paunawa

Ang plano ng kalusugan ng kaisipan ay apat ipadala ang paunawa sa benepisiyaryo sa loob ng di kukulang sa 10 na araw bago ang petsa ng aksyon para sa terminasyon, suspensyon, pagbawas ng isang dating inawtorisahan na espesyal na serbisyo ng



Tawagan ang plano ng kalusugan ng kaisipan sa toll-free na numero 1-800-547-0495 o bumisita online https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp. Ang Solano mental health plan ay bukas – 24 oras/kada-araw, 7 araw/kada-linggo

kalusugan ng kaisipan. Ang plano ng kalusugan ng kaisipan ay dapat ipadala ang paunawa sa benepisiyaryo sa loob ng dalawang araw ng negosyo mula sa desisyon sa pagtanggap ng pagbayad o desisyon na nagresulta sa pagtanggap, pag-antala, amyenda o lahat o bahagi ng hiniling espesyal na serbisyo ng kalusugan ng kaisipan.

Palagi Ba Akong Makatanggap Ng Paunawa Ng Pagpasya Kapag Hindi Ko Nakuha Ang Mga Serbisyo Na Aking Nais?

Oo, dapat makatanggap ka nga Notice of Adverse Benefit Determination. Subalit, kung hind ka nakatanggap ng paunawa o notice, maaari kang magsampa ng apela sa plano ng kalusugan ng kaisipan ng county o kung nakompleto ang proseso ngapela, maaari kang humiling ng Makatarungan Na Pagdinig ng Estado (State Fair Hearing). Kapag kinontak mo ang county, ipaalam na dumanas ka ng adverse benefit determination ngunit hindi ka nakatanggap ng paunawa. Ang impormasyon kung paano magsampa ng apela o pag hiling ng isang Makatarungan Na Pagdinig ng Estado ay na sa handbook na ito. Mayroon din impormasyon sa opisina ng iyong provider.

Ano Ang Ipapahiwatig Sa Aking Ng Paunawa Sa Pagpasiya Ng Salungat Na Benepisyo?

Ito ang ipapahiwatig ng Notice of Adverse Benefit Determination sa iyo:

- Ano ang ginawa ng plano ng kalusugan ng kaisipan na nakapekto sa iyo at sa iyong abilidad na makakuha ng serbisyo
- Ang petsa at decision na magsisimula at ang dahilan para sa desisyon
- Mga tuntuning pang estado o pederal kung saan binase ang desisyon
- Ang iyong mga karapatan para mag-apela kung hindi ka sangayon sa desisyon ng plano ng kalusugan ng kaisipan
- Kung paano makatanggap ng mga dokumento, rekord at iba pang mga impormasyon kaugnay sa desisyon ng plano ng kalusugan ng kaisipan



Tawagan ang plano ng kalusugan ng kaisipan sa toll-free na numero 1-800-547-0495 o bumisita online https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp. Ang Solano mental health plan ay bukas – 24 oras/kada-araw, 7 araw/kada-linggo

- Paano magsampa ng apela sa plano ng kalusugan ng kaisipan
- Paano humiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado kung hindi ka sang ayon sa desisyon ng plano ng kalusugan ng kaisipan para sa iyong apela
- Paano humiling madaliang apela o madaling Makatarungang Pagdinig ng Estado
- Paano humingi ng tulong sa pagsampa ng apela o paghiling ng Makatarungang Pagdinig ng Estado
- Gaano katagal bago magsampa ng apela o hiling para sa Makatarungang Pagdinig ng Estado
- Ang iyong karapatan na magpatuloy sa pagtanggap ng mga serbisyo habang hinihintay ang desisyon ng apela o Makatarungang Pagdinig ng Estado, paano humiling ng pagpapatuloy ng mga serbisyo, at kung ano mga gastos nitong serbisyo ay sinasakop ng Medi-Cal
